

Mga Gabay sa Paggamit ng Day Care

(Para sa mga magulang/tagapag-alaga na nakatira sa Minami Ward)



★★May volunteer na interpreter sa Minami Ward Office★★

	Ingles	Chinese
Araw	Lunes at Biyernes	Mula Lunes hanggang Biyernes
Oras	9AM~12PM 1PM~5PM	1PM~5PM
Lugar	Minami Ward Office Public Relations In-charge (Minami Ward Bldg. 1 st Floor Window 1)	
Telepono	045-341-1212	


※Pinakahuling tanggapan ay 15 minuto bago ang oras ng pagtatapos.

※Walang bayad ang interpreting.

Opisina kung saan pwede magpasa ng aplikasyon para sa pagpasok sa Day Care

Minami Ward Office Child/Household Support Section 2nd Floor Window 25

(Pwede rin magpasa ng aplikasyon sa ibang Day Care Center maliban sa Minami Ward Office)



Oras ng pagpasa ng aplikasyon

Lunes hanggang Biyernes

8:45AM hanggang 5:00PM

Sino ang pwede magpasa

Magulang o tagapag-alaga ng bata.

Sa mga hindi marunong mag Nihongo, pumunta na kasama ang interpreter ng Ward Office.



1 Gustong ipaalaga sa Day Care ang anak

Mayroong iba't ibang mga pasilidad at serbisyo sa pangangalaga sa bata depende sa sitwasyon ng pamilya at mga bata, kaya mangyaring pumunta muna sa opisina ng ward para sa konsultasyon.

Kung kailangang ipaalaga ang anak sa mga otorisadong municipal day cares, sertipikadong childcare centers, small-sized day cares o mga home-based childcare centers, kailangan may dahilan tulad ng may trabaho ang mga magulang, manganganak, maysakit, naghahanap ng trabaho, o di kaya ay nag-aaral.

Tungkol sa mga kindergarten schools, otorisadong pribadong day care centers, at Yokohama Nursery, ang pagpasa ng aplikasyon ay hindi sa Ward Office kundi direktang magpasa sa kani-kanilang mga opisina.

Lugar ng Pagpasa ng Aplikasyon	Uri ng Day Care	Edad (※)
Ward Office →Ang application form ay makukuha sa Ward office.	Otorisadong Municipal Day Care	0~5 taon
	Sertipikadong Childcare Centers	0~5 taon
	Small-Sized Day Care at Home-based Childcare Centers	0~2 taon
Sa bawat pasilidad →Makipag-ugnayan direkta sa bawat pasilidad para sa aplikasyon.	Otorisadong Pribadong Day Care	0~5 taon
	Yokohama Nursery	0~2 taon
	Kindergarten Schools	3~5 taon

※Dapat malaman na depende sa pasilidad, ang simula ng pagtanggap sa bata ay iba-iba ayon sa edad ng bata

※Ang mga klasipikasyon base sa edad para sa taong 2020 (Mula Abril 2020 hanggang Marso 2021) ay ang mga sumusunod:

- Otaon : Pinanganak mula Abril 2, 2019 pataas.
- 1 taon : Pinanganak mula Abril 2, 2018 hanggang Abril 1, 2019.
- 2 taon : Pinanganak mula Abril 2, 2017 hanggang Abril 1, 2018.
- 3 taon : Pinanganak mula Abril 2, 2016 hanggang Abril 1, 2017.
- 4 taon : Pinanganak mula Abril 2, 2015 hanggang Abril 1, 2016.
- 5 taon : Pinanganak mula Abril 2, 2014 hanggang Abril, 1, 2015.

Q Kung ipapasok ko ang anak ko sa small-sized day care o sa home-based child care center na hanggang 2 taon lang ang pag-aalaga, papano na kapag naging 3 taon gulang na ang bata? Saan siya pwede magpatuloy?

A May mga small-sized day care at home-based child care centers na may “partner facility” sa ilang mga otorisadong day care, sertipikadong childcare centers at mga kindergarten schools (※) kung saan pwedeng magpatuloy ang inyong anak o di kaya ay mag-apply ulit sa mga ito kung magtatapos sa nasabing day care.

※Kung kayo ay may napili na “partner facility” may posibilidad din na hindi pwedeng tanggapin ang bata.



2 Panahon ng aplikasyon

Kung ang bata ay papasok mula Abril (※1), kailangan ipasa ang application form sa unang linggo ng Oktubre hanggang sa unang linggo ng Nobyembre(※2) ng nakaraang taon.

Kung gustong ipasok ang bata sa kalagitnaan ng taon, kailangan ipasa ang application form sa nakatakdang araw ng nakaraang buwan (bago ang pasukan).

- ※1 Buwan ng Abril ang maximum capacity na pinakamaraming tanggapan sa bawat klase.
- ※2 Pasa sa detalyadong schedule, mangyaring tignan ang website ng ward sa kalagitnaan ng Agosto ng taon.

<Reperensya> Ang panahon ng aplikasyon para sa taong 2020(mula Abril 2020 hanggang Marso 2021) ay ang mga sumusunod. Kapag kayo ay nag-apply, ito ay may bisa lamang sa loob ng fiscal year na iyon.

Simula ng pagpasok	Simula ng Aplikasyon	Deadline ng aplikasyon
★Unang aplikasyon Abril 2020	Oktubre 11, 2019 (Biyernes)	Nobyembre 8, 2019 (Biyernes) (Deadline ng Minami Ward)
★Pangalawang aplikasyon Abril 2020	Enero 6, 2020 (Lunes)	Pebrero 10, 2020 (Lunes) (Deadline ng Minami Ward)
Mayo 2020	Marso 11, 2020 (Miyerkules)	Abril 10, 2020 (Biyernes)
Hunyo 2020	Abril 13, 2020 (Lunes)	Mayo 8, 2020 (Biyernes)
Hulyo 2020	Mayo 11, 2020 (Lunes)	Hunyo 10, 2020 (Miyerkules)
Agosto 2020	Hunyo 11, 2020 (Huwebes)	Hulyo 10, 2020 (Biyernes)
Setyembre 2020	Hulyo 13, 2020 (Lunes)	Agosto 7, 2020 (Biyernes)
Oktubre 2020	Agosto 11, 2020 (Martes)	Setyembre 10, 2020 (Huwebes)
Nobyembre 2020	Setyembre 11, 2020 (Biyernes)	Oktubre 9, 2020 (Biyernes)
Disyembre 2020	Okubre 12, 2020 (Lunes)	Nobyembre 10, 2020 (Martes)
Enero 2021	Nobyembre 11, 2020 (Miyerkules)	Disyembre 10, 2020 (Huwebes)
Pebrero 2021	Disyembre 11, 2020 (Biyernes)	Enero, 8, 2021 (Biyernes)
Marso 2021	Enero 12, 2021 (Martes)	Pebrero 10, 2021 (Miyerkules)

3 Bilang ng bakante sa day care

Ang bilang ng bakante para sa pasukan ng Abril (Unang aplikasyon) ay inaanunsiyo mula sa simula ng aplikasyon (unang linggo ng Oktubre ng nakaraang taon). Maliban sa Abril na pasukan, ito ay inaanunsiyo sa unang linggo ng nakaraang buwan (isang buwan bago ang nakatakdang pasok ng bata sa day care). Sa karagdagan, kahit na walang bakante, pwede parin magpasa ng aplikasyon.

4 Bayad sa pangangalaga ng bata

Ang bayad sa otorisadong municipal day care, sertipikadong childcare center at mga small-sized day care at home-based child centers ay depende sa halaga ng municipal tax ng mga magulang o tagapag-alaga. Para sa detalyadong impormasyon ukol sa bayad, mangyaring tignan ang Yokohama City Child and Child Care Support System Fee (Day Care Fees). (Kung hindi alam kung papano gamitin ito, mangyaring magtanong sa Ward Office)

At, kung ang mga magulang o tagapag-alaga ay walang impormasyon ukol sa lokal na buwis dahil sa abroad nakatira (o tumira) kailangang magsumite ng dokumento na nagpapatunay ng kanilang kita sa ibang bansa.

Mangyaring tandaan na ang pinakamataas na halaga sa pangangalaga sa bata ang itatakda kung hindi maisumite ang mga dokumento na nagpapatunay ng kita.

★Ukol sa pagiging libre ng Early Childhood Education/Day Care ★

Simula Oktubre 2019, ang pagiging libre ng Early Childhood Education ay sinimulan.

[Katanungan] Hotline ukol sa libreng Early Childhood Education (Sa wikang Ingles lamang)

045-840-6064

(Oras : 8:00AM hanggang 8PM (pati Sabado, Linggo at holiday))

[Mga pangunahing punto para sa libreng Early Childhood Education]

1 Kindergarten, sertipikadong paaralan ng mga bata, lisensyadong nursery school, atbp.

→Walang bayad para sa lahat ng mga bata sa 3 hanggang 5 na edad na klase

→Ang mga tax exempted ay libre para sa mga batang may edad mula 0 hanggang 2 taon.

2 Mga Kindergarten na pwedeng mag-alaga ng bata pagkatapos ng klase (Kung mapapatunayan na talagang kailangan lamang)

→ Buwanang halaga hanggang 11,300 yen ay libre para sa mga bata mula 3 hanggang 5 taong gulang

③ Mga Otorisadong Pribadong Day Care (Kung mapapatunayan na talagang kailangan lamang)

→Kung ang mga bata mula edad 3 hanggang 5 taon ay hindi naka-enroll sa isang nursery school, ang buwanang bayad na 37,000 yen ay magiging libre.

→Ang buwanang halaga hanggang 42,000 yen ay magiging libre para sa mga batang edad mula 0 hanggang 2 taon na tax exempted sa pagbayad ng buwis sa munisipyo.

④ Mga pasilidad para sa mga batang may kapansanan, atbp.

→Walang bayad para sa mga batang may edad mula 3 hanggang 5 taong gulang

⑤ Yokohama Nursery

→Ang mga tax exempted ay libre para sa mga batang may edad mula 0 hanggang 2 taon.

→Ang mga batang may edad mula 3 hanggang 5 taong gulang na naka enroll dito ay pareho ang paggamit sa mga otorisadong pribadong day care

⑥ “Temporary childcare businesses”

→Magiging walang bayad para sa mga sabahayan na tax exempt na ang mga bata na enrolled ay nasa edad 1 hanggang 2 taon gulang.

⑦ Day Care na pasilidad na pinamamahalaan ng mga kumpanya

→Ang mga karaniwang bayad sa paggamit sa day care para sa mga batang may edad na 3 hanggang 5 taong gulang, at 0 hanggang 2 taong gulang, at ang sambahayan ay tax exempted ng munisipyo, ito ay magiging libre.

5 Pamantayan sa pagpili ng paaralan ng day care o nursery

Depende sa sitwasyon ng pamilya at mga anak, napapasiyahan ang prayoridad ng pagpasok sa day care. Ang mga pamantayan sa prayoridad ay nakasulat sa “Gabay sa Paggamit ng Day Care ng Yokohama City.”

Ang gabay sa paggamit ay nasa wikang Hapon lamang. Kaya kung nahihirapan kang basahin ito, mangyaring pumunta sa opisina ng ward at ipapaliwanag namin ang mga pamantayan sa pagpili.

Kung may mga maling impormasyon na nakasulat sa dokumentong iyong isinumite, o di kaya ay hindi nag update ng dokumento (halimbawa ay kumaunti ang oras ng trabaho) mula sa pag-apply, may posibilidad na hindi na pwedeng ipaalaga ang iyong anak sa day care. At, posible din na sisingilin kayo ng Yokohama City para sa buo o bahagi ng gastos sa paggamit ng day care.

6 Temporary Child Care

Mayroong pansamantalang serbisyo sa pangangalaga sa bata (may bayad) tulad ng mga sumusunod para sa mga batang preschool na hindi gumagamit ng day care.

Kung nais mong gamitin ito, mangyaring suriin ang listahan ng mga pansamantalang pasilidad ng pangangalaga sa bata (tingnan ang dulo ng pahinang ito) at direktang mag-aplay sa bawat daycare center.

Mangyaring tandaan na ang paggamit ay maaaring limitado depende sa bilang ng mga gumagamit.

Uri	Nilalaman	Limitasyon sa paggamit
Indefinite Style o Walang Saktong Schedule	Pag-aalaga ng bata kung saan ang pag-aalaga sa bahay ay nagiging mahirap dahil sa training sa trabaho, pagsasanay sa bokasyonal o pagdalo sa paaralan ng mga magulang.	3 araw sa 1 linggo o hindi lalampas sa 120 oras sa isang buwan
Emergency Child Care	Dahil sa hindi maiiwasang mga kadahilanan tulad ng karamdaman ng mga magulang, pagka-ospital, at mga okasyong seremonya (kasal, burol o libing at iba pa), aalagaan ang mga bata ng pansamantala dahil sa emerhensiya.	1 beses at di lalampas ng 14 na magkakasunod na araw
Refresh Child Care	Upang mabawasan ang pisikal at sikolohikal na pasanin ng mga magulang dahil sa pag-aalaga, pansamantalang pwedeng ipaalaga ang bata.	1 beses sa bawat aplikasyon at 1 araw lamang.

7 Mag-update kung may mga ganito ! !

Kailangan mong magsumite ng aplikasyon (update) kung nagbago ng trabaho, lumipat ng bahay, o pag may bagong nakatira kasama sa inyong bahay. Bawat application form ay available sa mga ward offices.

Ang pagbabago ay ginagawa sa sumunod na buwan pagkatapos isumite ang application form.

Status ng Paggamit	Saan Ipapasa
Pag kasalukuyang nakaenroll ang bata sa day care	Child and Family Support Section ng <u>Ward Office</u> kung saan napabilang ang <u>day care center</u>
Kapag nasa kalagitnaan ng pag-apply para sa day care	Child and Family Support Section ng tinitirahang Ward Office

Kung ang alinman sa mga sumusunod ay mangyari, siguraduhing mag-aplay sa buwan bago ang buwan kung kinakailangan ang mga pagbabago. Para sa mga tiyak na pamamaraan ng aplikasyon, mangyaring tanungin ang tanggapan ng mga bata ng Ward at Family Support Division.

Mga sitwasyon kung kailan kakailanganing magsumite ng aplikasyon (update)
Kung lilipat ng tirahan sa ibang siyudad (Kung tumira sa ibang bansa)
Kung lilipat ng tirahan sa loob ng Yokohama City
Kapag nag divorce, nag pakasal, o may nadagdag o nabawas sa dami ng miyembro ng pamilya na kasamang nakatira sa bahay
Kapag huminto sa pagtatrabaho (o kapag naghahanap ng trabaho)
Kapag nagpalit ng trabaho o uri o haba ng oras ng trabaho at iba pa. Kapag ang haba ng oras ng bata sa day care ay gustong palitan.
Kung kukunin ang maternity leave sa trabaho
Kung babalik na sa trabaho pagkatapos ng childcare leave
Kung gusto mong kumuha ng childcare leave pero gusto mo rin na ipaalaga anak mo at ipatuloy ang paggamit ng day care.
Kung nakatira ka sa labas ng Yokohama at nagbago ang halaga ng buwis sa munisipalidad o lungsod na iyon.
Mga pamilyang may magkakapatid na gustong gumamit ng mga pribadong day care (na pwedeng pangmaramihan) o di kaya ay gustong itigil ang paggamit nito.
Kapag hindi na kinangailangan mag-apply
Kapag gustong itigil ang paggamit ng day care
Hindi na kailangang pahintulutan ang pagbayad
Kapag lilipat sa ibang day care
At iba pang mga pagbabago sa kundisyon ng tahanan

8 Mga katanungan



Q Ano ang mga hakbang na dapat gawin kung ang iyong anak ay nangangailangan ng espesyal na tulong?

A Kung ang iyong anak ay nabibilang sa mga sumusunod na kaso, siguraduhing komunsulta sa Child and Family Support Section ng tanggapan ng ward bago mag-aplay para sa pagpasok sa paaralan ng nursery.

- Kung mayroon kapansanan o malubhang allergy sa pagkain
- Mga bagay na pag-aalala tungkol sa pisikal at mental na kondisyon at paglaki,
- Kung nag-aalala pagkatapos sabihan sa resulta ng check-up ng isang institusyong medikal
- Kung mayroong iba pang mga kinakailangang espesyal na tulong



Q Maaari ba akong mag-aplay para sa pasukan ng Abril bago ipanganak ang aking anak?

A Para lamang sa unang aplikasyon sa pasukan ng Abril, maaari kang gumawa ng pansamantalang aplikasyon (temporary) bago ang panganganak, ngunit ang aktwal (orihinal) na application na ito ay kinakailangan din pagkatapos ng kapanganakan. Mangyaring magtanong sa opisina ng ward tungkol sa deadline para sa application na ito.



Q Maaari bang magamit ang day care/nursery school kapag Sabado?
Posible bang magsara ang paaralan ng nursery?

A Kapag Sabado, maaari lamang gamitin ang day care/nursery kung ang parehong magulang o tagapag-alaga ng bata ay may trabaho. Bilang karagdagan, walang sistema ng pagsasara sa paaralan ng nursery.



Nailathala noong Oktubre 2020. Minami Ward, Welfare and Health Center, Child and Family Support Section, Child and Family Support In-charge